**Buod**

Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan
Sesyon ng Pakikinig #2: Silicon Valley Youth Climate Action
**Enero 3, 2023 12:00 – 1:00 PM**

Tagapangasiwa: Esther Duong, Silicon Valley Youth Climate Action
Mga Tagapagtanghal: Aaron Pfannenstiel, Atlas Planning Solutions; Dennis Larson, Nexus Planning & Research

Humigit-kumulang 25 na dumalo para sa isang virtual na pagpupulong na pinangasiwaan ni Esther Duong mula sa Silicon Valley Youth Climate Action (SVYCA). Ang koponan ng proyekto ay nagbigay ng pangkalahatang-ideyang slide show ng Pagbabago sa Bahaging Pangkaligtasan. Ang layunin ng mga talakayan ay nauukol sa mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang mga kakulangan sa datos? Mayroon bang mga karagdagang diskarte na dapat isaalang-alang?
- Paano ang gustong pakikisali ng SVYCA sa pagpapatupad?
- Ano ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling impormado ang SVYCA?

Mga tanong at komento:

- Gustong malaman ng mga miyembro ng SVYCA kung paano sila makakasali sa pagtugon sa pagbabago ng klima. Nais nilang magkaroon ng mga pagkakataong magkaroon ng karanasan sa sektor ng mga makakalikasan o berdeng trabaho. Naramdaman ng mga kalahok na magiging mahusay na paraan ang mga may bayad na internship o karanasan sa trabaho sa mga kaugnay na programa ng bansa upang maakit ang mga mag-aaral sa high school. Sa pangkalahatan, naghahanap ang mga mag-aaral sa high school ng mga paraan upang makakuha ng pagsiyasat sa karera at maging bahagi ng solusyon. Binanggit ni Hoi na humigit-kumulang 3000+ estudyante sa high school sa paaralan ng distrito ng Fremont ang nagbanggit na gusto nilang matuto nang higit pa tungkol sa mga makakalikasan o berdeng trabaho at mga solusyon sa mga komentong payo sa klima na tinipon ng SVYCA. Bukod dito, hiniling ng mga kalahok sa County na isaalang-alang ang pagkakaroon ng may bayad na mga internship para sa mga natural na lugar tulad ng ULISTAC natural preserve upang

mapanatili ang mga ito habang tinuturuan ang mga mag-aaral at ang publiko.

- Maaaring naisin ng County na isaalang-alang ang direktang komunikasyon sa email/koreo sa mga residente kaugnay sa mga update sa plano. Lalo na sa mga komunidad na walang access sa Internet.

- Ang isa sa pinakamahalagang paraan upang maturuan ang komunidad at maipakalat ang impormasyon ay sa pamamagitan ng edukasyon, na maaaring magmukhang pakikipagtulungan sa mga paaralan ng distrito sa county. Nagkaroon ang SVYCA ng maraming tagumpay at karanasan sa pakikipagtulungan sa paaralan sa mga distrito ng County ng Santa Clara sa edukasyon sa klima. Gaya ng ipinakita ng botohan sa simula ng pulong, malamang na hindi masyadong impormado ang karamihan sa ating pangkat ng edad kung ano ang ginagawa ng County kaugnay sa pagtugon sa panganib, ngunit sabik na matuto at kahit makilahok pa nga. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga kabataan, maaaring kumalat ang kaalamang iyon sa kanilang mga sambahayan at sa iba pang miyembro ng komunidad

- Ang pagpapanatili sa mga website ng County na napapanahon at madaling ma-access ay isang magandang paraan upang mapanatiling may komunikasyon sa mga miyembro ng SVYCA. Sa ngayon, mahirap i-navigate ang website na nagpapahirap sa mga kalahok na maunawaan ang mga kamakailang update. Sa pangkalahatan, dapat "linisin" ng County ang kanilang website. Kahit ganun, nabanggit na malayong mas mahusay ang website ng County ng Santa Clara kaysa sa website ng Lungsod ng Santa Clara.